# Prologue

"Kalahating milyon?" Dumadagundong ang tinig ng ama ni Gwin. Hawak nito ang credit card statements ng anak.

"D-Dad, it is not just one credit card. I have men ten—" simula niya.

"Ano ang diperensya kung isa o sampu? Mababago ba n'un ang suma total ng utang mo?" Halos lumabas ang litid sa noo ni Fredo delos Santos. Hindi mestizo ang kanyang daddy, katunayan ay five seven lang ito at kapag naka-heels ang kanyang mommy ay mas matangkad pa ito kaysa una. Pero sa puntong iyon ay namumula pati ang leeg nito dala ng pinipigil na galit. At bihira itong magpakita ng ganoong emosyon.

Ang accountant nito ang inutusang i-consolidate ang kanyang mga utang—lahat ng kanyang credit cards, charge cards mula sa iba't ibang high-end stores sa loob at labas ng Pilipinas. Pati ang phone bills niya ay binusisi na rin nito.

"At bakit kailangan mo ng apat na telepono? Ano ang masama sa isa?" tanong pa nito. "Negosyante

ako pero isa lang ang cellphone ko!"

Alam na niya ang implikasyon niyon. Siya, si Guinevere delos Santos, twenty-three, socialite, at walang ginawa sa buhay kundi ang mag-shopping at tumambay sa mga sikat na coffee shops at bars sa Maynila ay walang pangangailangan para sa ganoon karaming telepono.

"You shouldn't have called him," may himig pang-aakusa niya sa ina.

Nakaupo sa gilid si Lorraine Sy-delos Santos, wala ring imik. Her mother didn't appear a day over thirty, kahit ang totoo ay forty-eight na ito. Madalas silang mapagkamalang magkapatid lang. Namana ni Gwin ang halos lahat ng features mula sa ina—height, complexion, eyes. Pure Chinese ito na ipinanganak sa Pilipinas. Nagmula ito sa isang mayaman at prominenteng pamilya sa San Juan, Metro Manila.

Ang bukod-tanging kontribusyon ng kanyang ama sa kanyang hitsura ay ang patrician nose. Gwin looked like a goddess with oriental eyes, luminous skin and a perfect nose, giving her a classic profile. Lamang, sa mga sandaling iyon ay hindi ang vanity ang nasa isip ng dalaga. Hindi niya alam kung paano lulusutan ang kinasusuungang gusot.

"Sabihin n'yo nga sa akin... pati ikaw, Lorraine," saad muli ng kanyang daddy. "Paano umabot ng ganito kalaki ang utang ng batang ito sa credit card? Bumili ka ba ng kotse? Namakyaw ng appliances, alahas?"

Napasulyap si Gwin sa ina. Kundangan at umamin ito sa katotohanang nagliliwaliw siya sa Europe kasama ang mga kaibigan imbis na nasa exchange student program. Ang huli niya kasing kurso ay Foreign Languages. Kaya ang palabas nila sa ama ay nasa Europe siya para sa two-month exchange program.

Okay na sana ang lahat, hindi ito nagduda, at nag-enjoy siya nang husto. Nagsimula ang problema nang madampot ang isa sa mga kabarkada niya sa train na papuntang Vienna. Nahulihan ito ng marijuana sa backpack. Ang tatanga-tanga nilang kasama, nagdala ng souvenir mula sa mga bong restaurants sa Amsterdam. Legal kasi ang marijuana sa naturang siyudad. Kahit hindi naman suspect ay na-detain pa rin siya kasama ng mga ito. The embassy contacted their parents, and that ended her glorious Euro-tour.

Kung mamalasin nga naman, ang ama pa rin ang nakatala bilang person-in-case-of-emergency sa

kanyang records kahit siyam na taon na siyang wala sa poder nito. Ito ang tinawagan ng mga authorities imbis na ang kanyang mommy. Mabuti na lamang at may contacts ang lolo niya sa *Department of Foreign Affairs* kung kaya naplantsa ang gusot at kaagad silang nakauwi na magbabarkada.

But the damage had been done. Sinimulang busisiin ni Fredo ang lahat sa buhay niya. Nalaman nito na kalahating taon na siyang tumigil sa pag-aaral. At nalaman din nitong tinutustusan ng kanyang ina ang luho sa pamamagitan ng pagbabayad sa credit cards niya. Ang pera nito ay nanggaling sa trust fund na inilagak ng ama nito sa bangko.

Nang madiskubre naman ng Lolo George niya na hindi na siya nag-aaral ay pinagbawalan nito ang kanyang mommy na bigyan pa siya ng pera. Ipinatigil nito ang pagbibigay ng allowances na buwan-buwang nakukuha ni Lorraine kung kaya walang choice ang kanyang ina kundi humingi ng tulong sa estranged husband. Nagsisimula na kasing tumawag at magpadala ng collection letters ang mga credit cards at iba pa.

"I bought a grand piano," mahinang sabi ni Gwin.

"Piano? Meron kang piano sa San Fabian." Halos

ay bulong na lang iyon mula sa ginoo. Tumingin ito sa asawa.

"I wanted to play again," dagdag pa niya. "That piano is old."

"At dahil doon, basta mo na lang naisipang bumili ng bago na parang bibili ka lang ng panutsa sa kanto?"

Hindi siya sumagot. Humalukipkip at tumanaw siya sa labas ng glass doors ng condo unit na tinitirhan nilang mag-ina. Sa Greenhills iyon.

"Hindi ko maintindihan kung bakit nahayaan mong lumaki nang ganito ang problema," narinig niyang sabi ng ama habang nakatingin sa asawa.

"All right, Fredo," sa wakas ay sali ni Lorraine. "Get on with it. Alam kong lalabas at lalabas rin iyan, so why not finish it right here para hindi ko paulit-ulit na marinig? Come on, I know you're dying to blame it all on me."

Obvious sa sinumang makakakita ang gap sa pagitan ng mag-asawa. A sharp pang of pain sliced through Gwin's heart. Nasaksihan niya kung paano magmahalan ang mga magulang noong maliit pa siya. Hindi niya lubos-maisip kung paanong ganoon kabilis nawala ang pagtingin ng mga ito sa isa't isa.

"All right, kung hindi ikaw, sabihin mo nga kung kaninong kasalanan ito?" waring pagod na sagot ni Fredo.

"It's mine, okay? Ako ang may kasalanan. Ako ang nag-charge. Hindi alam ni Mommy ito," sabat niya.

"Ang gusto kong malaman ay kung bakit kinunsinti mo ang anak mo." Nakatingin pa rin ito sa kabiyak.

Umiling si Lorraine. "This is the only thing... that is how—wala akong ibang makitang paraan para mapunuan ang pagkukulang sa buhay niya..." Hindi nito matapus-tapos ang sasabihin. "I accept the blame, Fredo. Fine. Now, tell us what you want to do. Nang matapos na ito."

Matiim na tinitigan nito ang asawa pagkatapos ay binalingan ang dalaga. "Babayaran ko ang mga utang mo, Gwin."

"Ano ang kondisyon?" Naunahan siya ng mommy niya na itanong iyon.

"Sasama ka sa akin sa San Fabian," anang ginoo na ang mga mata ay nakapako sa kanya. "At mag-e-enrol ka sa susunod na pasukan."

Napatayo silang mag-ina nang marinig iyon.

"But, Dad...!"

"Iyan lang ang kondisyon ko, Gwin. Kung hindi ay mapipilitan kang mag-file ng bankruptcy. Ikaw ang masusunod sa susunod mong hakbang."

Napatingin si Gwin sa ina, humihingi ng saklolo. Helpless ding tumingin ito sa kanya. Alam niyang wala na itong magagawa. Katakut-takot na pakiusap na ang ginawa nito sa kanyang lolo. Pero hindi natinag ang matanda. Kaya nga napilitang lumapit si Lorraine sa asawa, na siyam na taon na rin nitong hindi kinakausap. Dahil wala na itong choice. Higit sa lahat, wala na rin siyang choice.

# 1

"May dalang mangosteen ang daddy mo, ikukuha ba kita?" Pumasok mula sa bahay si Letty, ang kanilang tindera.

Nakatambay si Gwin sa likod ang antigong cash register, nakapangalumbaba at nakatitig sa kalsadang kaharap ng *Tri-Star Trading*. Katabi niyon ang kanilang hardware and construction supplies store. Mag-a-alas tres nang hapon at walang kasing-alinsangan ng panahon. Walang dulot ang wall fans kundi paikutin ang mainit na hangin sa loob ng tindahan. Pumapasok din ang alikabok mula sa kalsada tuwing may dumadaang sasakyan sa harap.

"Hoy, Gwin!" Tinapik siya ni Letty sa tuhod. Elementary pa lang siya ay nagtatrabaho na ito sa tindahan nila. Dalaga pa ito noon. Hanggang ngayon, dalaga pa rin at mukhang wala nang balak mag-asawa.

"Bakit?" iritadong tanong niya rito.

"Kanina ka pa nagsisintir riyan. Di mo makukuha ang gusto mo kung makikipagmatigasan ka lang sa daddy mo. Gusto mo ba 'ika mo ng mangosteen?"

anito, naupo sa sulok at sinimulang magtakal ng asukal. Katulong nito sa gawaing iyon ang dalagitang tindera, si Leslie. Anak ito ng kanilang labandera. Upang makaipon ng pang-enrol sa susunod na pasukan, ipinasok ito ng kanyang daddy sa kanilang tindahan.

"What do you care what I want? No one in this house cares about what I want," himutok niya.

"Palamigin mo muna kasi ang ulo bago ka umungot," sagot ni Letty. "Huwag mong sabayan. Narinig mo naman siguro ang problema."

Opisyal sa local chapter ng *Chamber of Commerce* ang kanyang ama. Nagtungo ito sa kapitolyo nang araw na iyon. Di-umano ay lumalala na ang kaso ng mga nakawan sa small businesses sa kanilang rehiyon. Kung hindi ambush ay bagong modus ng pagtutuklap ng bubong ng mga warehouses at tindahan ang isinasagawa ng mga kawatan upang makaiwas sa CCTV. Nababahala na ang mga local businessmen kung kaya nagpatawag ng pulong ang naturang ahensya.

But Gwin didn't really care.

"Bahala siya. Kung gusto niya akong iburo rito sa San Fabian hanggang maging kalansay akong

inaagiw sa sulok ng tindahan niya, so be it."

Tumawa ang tindera. "Grabe talaga ang imagination mo, Gwin. Nakakaloka."

Inis na hinawi niya ang buhok. Binuksan niyang muli ang *iPad*. Sawa na siya sa paglalaro ng *Temple Run* at *Bubble Witch Saga*. Wala pang Internet. Hiniling niya sa ama na magpakabit ng *WiFi* connection man lang, pero tinawanan lang nito ang suhestyon niya. Mayroon daw naman silang dial-up Internet sa bahay, bakit kailangan pang magpakabit ng *WiFi*?

Ang dial-up internet na parang pagong sa bagal, sa computer nilang halos sing-edad niya. Wala namang gumagamit doon, kaya malamang ay sira na rin. Her father seldom used it.

Ang bookkeeping method nito ay sinauna—as in pages and pages of journals and ledgers ang gamit nito sa negosyo na matiyaga nitong binabalanse araw-araw, at sa katapusan ng buwan ay ang accountant nito. Linggu-linggo rin kung magdeposito ito sa bangko.

Nawindang pa siya nang malamang nililista nito sa isang malaking record book ang mga accounts nito—iyong mga utang ng mga suki, pati na rin

ang mga supplies na binibili. Doon lahat nakalista na animo isang corner sari-sari store lang ang minamantine nito imbis na medium-scale business.

"*Security guards use these things, Daddy. Security guard ka ba? You should use a computer file, dahil puwedeng imanipula ito o masira!*" sabi niya kay Mr. Fredo nang unang beses niyang masilayan ang accounts book nito.

She hadn't wanted to touch the thing. Mukhang kulubot na iyon, may mantsa ng alikabok at dumi.

"*Pabayaan mo ako sa mga methods ko, Gwin, dahil hindi pa naman pumapalya. Bakit kailangang baguhin ang isang bagay na hindi naman sira?*" laging katuwiran nito. "*At isa pa, sino ang mandadaya riyan? Halos kasing-tanda na nitong tindahan natin ang mga empleyado ko. May malasakit sila sa negosyo dahil kung mawala ito, mawawalan din sila ng kabuhayan.*"

But Gwin hated everything in this town. Ang tindahan, mga kustomer, paninda, ang maalikabok na town square dahil sira-sira ang kongkreto. Unang araw pa lang niya ay pinakiusapan na niya ang ama na magpakabit ng air-conditioning unit, pero tinawanan lang nito iyon.

"Mga magsasaka at mangingisda ang karamihan sa mga suki ko, Gwin," sabi nito. "Mga kontraktor, simpleng karpintero at kaminero. Iyong ilan din ay sari-sari store owners sa mga baryo. Pumapasok sila na nakatsinelas o bota, may dalang isda at pinamalengkeng supplies. Mahihiyang pumasok ang mga iyon kung palalagyan natin ng air con itong tindahan. Hindi naman tayo bangko."

"*Well, then let them stay outside!" aniya.*

*Umiling si Fredo. "Hindi ako ganyan makitungo sa mga kustomer ko, Anak. Lumaki nang ganito ang ating negosyo dahil sa mga maliliit na kliyenteng tumatangkilik sa atin*."

She shut up then. There was no budging the old man. Sabagay ay bata pa siya, ganoon na ang palakad nito sa negosyo.

Laki sa hirap ang daddy ni Gwin. Naulila ito noong labing-apat na taong gulang kaya naging katulong ito sa koprahan upang makatapos lang ng high school. Nagtrabaho rin ito sa isang Chinese sa Maynila upang mairaos ang pagkokolehiyo. Natapos nito ang kursong Business Administration sa pamamagitan niyon at nang makatapos ay nangutang sa dating amo na pinagsilbihan nito. That man was Gwin's grandfather, George Sy, ang

ama ng kanyang mommy.

Sa ngayon ay pumapakyaw ng palay at kopra si Fredo mula sa maliliit na magsasaka sa mga baryo ng kanilang bayan. Dahil wholesaler din, kliyente nila ang mga may-ari ng munting tindahan sa iba-ibang nayon sa San Fabian. Ito rin ang kauna-unahang sumubok sa construction supply sa kanilang bayan. Masasabing matagumpay na si Fredo kung ikukumpara sa dati nitong buhay. He was a living example of a self-made man.

Ang kanilang tindahan naman ay luma ang layout—may awning sa harap kung saan nakapuwesto ang iba't ibang grain at feeds para sa mga manok at baboy, drum ng kerosene at lambanog. They had everything—mula sa grocery items hanggang personal care at household cleaning, pet supplies at school supplies. Hindi niya natatandaang nagkaroon ng air con doon sa tindahan. Kahit nga kuwarto niya at ng mga magulang ay electric fan lang ang nagsisilbing ventilation.

So here she was, stuck in the corner of a dusty store, nagtitiyaga sa mainit na buga ng hangin mula sa fan. Isang linggo pa lang siyang naglalagi sa San Fabian, pero pakiramdam niya ay habang-buhay na iyon.

Hinagilap niya ang wet tissues at pinunasan ang buong mukha, leeg, mga braso at mga binti. Pagkatapos niyon ay sunscreen naman ang ipinahid sa lahat ng exposed areas sa kanyang katawan. Pakiramdam niya ay nasa oven siya. Gagalisin siya kapag nagtagal pa siya roon!

Isang malakas na ugong ng motor ang narinig niya habang nagwiwisik ng hydrating spray sa mukha. Namuo ang alikabok nang pumara sa harap ng tindahan ang isang beat-up motorcycle. Tinakpan niya ang mukha.

Pula ang motorsiklo at may nakatali pang kahoy na crate sa likod niyon. The man driving it wore a light blue t-shirt, khaki shorts and rubber slippers. Dumako ang paningin ni Gwin sa mukha nito. He looked familiar.

“Good afternoon, beautiful ladies!” sigaw ng bagong dating.

Napatayo mula sa bangkitong kinauupuan si Letty. Ngumiti ito. “Migs! Kumusta?”

“’Eto, pogi pa rin!” anang tinanong. “Kamusta ka naman, Madam Letty?” Pumasok ito sa kanilang tindahan at sukat napatigil nang makita si Gwin sa likod ng kaha. “May bago yata kayong recruit?”

Ganoon na lang ang simangot niya. Napagkamalan siya nitong tindera! In her floral sleeveless tank top from *Mango* and her bright yellow shorts from *Top Shop*, and her ten grand perm, did she look like a saleslady?

*The nerve!* Bahagya lang niya itong sinulyapan at ipinagpatuloy ang pag-spray sa sarili.

"May *Baygon* na rin pala para sa tao?" dagdag pa nito.

*Grr!* Imported pa mula sa Swiss Alps ang hydrating spray niya, pero ano ang alam nito?

Hinampas ni Letty ang lalaki sa balikat, sabay tawa. "Loko ka, Migs, si Gwin iyan. Di mo ba siya natatandaan? Sabagay, teenager pa lang siya nang umalis rito."

Tumango si Migs, nakatingin pa rin sa dalaga. "Pasensya ka na, para kasi akong nakakita ng aparisyon. Kamusta ka na, Señorita Gwin?"

Isang nakakalantang sulyap ang ibinigay niya sa lalaki, pagkatapos ay muling hinarap ang *iPad*.

"Hindi mo na ba natatandaan si Migs, Gwin?" ani Letty, waring nahiya sa inasal ng amo. "Siya iyong madalas tumutulong sa bodega noong bata

ka pa."

"Masyado na yata akong pumogi at di na ako matandaan ng ma'am mo," pakli nito. Bumaling itong muli kay Letty. "Miss Universe, pakuha naman ako nito. Nandito na ba si Kuya Fred?" May dinukot itong listahan mula sa bulsa at inabot iyon sa tindera.

"Kakauwi lang," sagot ng kausap. "Ang daming dalang prutas."

"Kamusta naman raw, ano ang balita mula sa mga bigtime? May nahuli na ba?" usisa ng lalaki.

Habang nag-uusap ang mga ito at paikut-ikot sa tindahan upang i-check ang mga bagay na kailangan ay palihim na binistahan ni Gwin ang lalaki. Close-cropped hair na kulot, maitim, matangkad, lean pero maskulado, strong, well-shaped calf muscles at mukhang sturdy ang mga balikat. Matangos ang ilong nito base sa profile. Makakapal ang kilay, katamtamang kapal ng mga labi, may nunal sa itaas ng upper lip. At may bigote.

*Eww! Baduy!* naisip niya. Parang bold star ang dating nito, iyong mga naghuhubad sa indie films kuno para mapansin ng mainstream audience. *Yuck!*

"Nakikilala mo na ba ako? Parang ina-analyze mo ang hitsura ko." Nakatingin sa kanya si Migs,

nakataas ang sulok ng mga labi in an arrogant sneer.

Nagulat siya kaya naipaling niya sa ibang direksyon ang ulo. *Baduy na nga, bastos pa!*

"Migs, loko ka," ani Letty, pagkuwan ay bumulong ito. "Huwag mo nang buwisitin at kanina pa iyan nagmamarakulyo. Nag-away sila ng daddy niya."

"Gan'un ba? O sige, pakibalot lang lahat 'to at hihintayin ko na lang dine," sagot ng lalaki. Lumapit ito sa kinaroroonan ni Gwin.

Itinukod nito ang braso sa estanteng salamin at tumanghod sa harap niya. She caught a whiff of his smell—pinaghalong bath soap, toothpaste at pawis and something else that was probably just him. Bahagya niyang inilayo ang sarili rito, uneasy at his proximity. Ilang minutong nakatingin lang ito sa kanya.

"Bakit?" mataray niyang tanong dito.

Walang salitang inisod nito ang listahan na kanina lang ay hawak nito at ni Letty. "Pakikuwenta kung magkano, Señorita."

Hindi niya gusto ang pagtawag nito ng 'Señorita' sa kanya. It didn't sound respectful at all. Parang nang-

uuyam pa ang pagkakabigkas nito niyon. Hinablot niya ang papel. Pang-grade six iyon, pinutol nang lengthwise. Binasa niya ang mga nakasulat doon at hinagip ang calculator. Habang nag-a-add ay chine-check niya ang bawat item gamit ang pulang ballpen. Hindi gumagana ang cash register nila. Pang-display lang. Mano-mano pa rin ang pagkuwenta.

Makailang beses siyang umulit mula sa simula dahil hindi umalis sa puwesto nito ang walang modong lalaki. Parang ganado itong nakatingin sa ginagawa niya. “Could you go away for a second?” di na nakatiis na sabi niya rito nang nagkamali siya ng pindot. Magsisimula na naman siya. *Damn!*

“Hindi puwede, Miss. Alam mo kasi maingat akong tao, kailangang nakikita ko ang pagkuwenta mo para masiguro kong tama.”

Napanganga siya rito. Ilang segundo ang nagdaan bago siya nakapagsalita. “Are you implying that I’m gonna cheat you? Gusto mo bang bigyan pa kita ng perang pambayad sa mga binili mo?”

“Hindi sa gan’un. Mabusisi lang ako sa lahat ng mga transaksyon ko. Mahirap na, nagnenegosyo ako.”

Nagpupuyos ang loob na ibinalik niya ang

pansin sa calculator.

"Pero kung bukal sa loob mo ang pagbibigay sa akin, bakit hindi? Hindi ako marunong tumanggi ng grasya."

*Kapal!* aniya sa sarili, pero hindi niya ito pinansin.

"Bakit? Naiilang ka ba sa akin?" pukaw ng hudyo.

"No, nakakasira ng concentration kung may nakabantay sa ginagawa ko. I don't like being watched," turan niya, sabay pukol ng matalim na tingin dito.

"Hindi ikaw ang tinitingnan ko, iyang kinukuwenta mo." Nginuso pa nito ang calculator.

"Whatever! Just move away, please."

"Baka naman natetensyon ka lang sa akin?" hirit pa nito, nakakiling ang ulo.

*Oh, my God!* Huminga nang malalim si Gwin at nagbilang hanggang sampu. Kapag pinatulan niya ang kumag na ito ay lalawig pa ang diskusyon nila. Ang mabisang panlaban sa mga tulad nitong papansin ay ang ignorahin na lamang.

Pero nagulat siya dahil walang anu-ano ay inagaw nito mula sa kamay niya ang calculator at pinihit paharap dito ang listahan.

"What—"

"Ako na lang at nang bumilis," sabi nito habang pumipindot. "Hindi ako puwedeng nakatanghod rito hanggang gabi. Kahit maganda ka, marami pa akong gagawin."

At ito na nga ang nagpatuloy sa pagkuwenta.

Natigagal siya sa inasal nito. No one ever spoke to her like that!

Pero ilang minuto lang ay tapos na nga ito. Ibinalik nito sa kanya ang total computation, pati ang official receipt na ginawa niya. "I-double check mo na lang kung gusto mo. Pero hindi ako nagkakamali." Iyon lang at dumukot na ito mula sa wallet at nagbigay ng limang lilibuhin. Inilapag nito iyon sa harap niya.

Walang salitang kinuha niya ang pera nito at binuksan ang kaha. Nagbilang siya ng sukli at walang salita ring iniabot iyon dito. Ang problema, imbis na ang pera lang ang kunin, sinakop ni Migs ang buo niyang kamay. Derecho ang titig nito sa kanyang mga mata. Dahan-dahang dumulas ang palad nito sa

kamay niya habang kinukuha ang pera! She tugged at her hand in vain.

Ngingisi-ngisi nitong inilagay sa pitaka ang pera at ang resibo. “Hindi ka pa rin talaga nagbabago,” makahulugan nitong sabi. Binigyan pa siya nito ng isang mapang-uyam na saludo bago tumalikod at si Letty naman ang kinausap.

*Ugh! The nerve!* nakasimangot na turan ni Gwin sa sarili.

---

*Muntik na siyang matisod nang maapakan ang isang bangkito habang palabas ng front door. Bumusina na ang sundo niya sa tapat. Gwin was thirteen, tall for her age. She was on her way to her piano lessons. Inis niyang itinabi ang nasabing foot stool.*

*“Naku, sorry. Nadapa ka ba?” anang isang binatilyo na abala sa pagbababa ng sako ng bigas. Nakasuot itong dilaw na t-shirt at shorts na itim. Pawisan ito gayong alas siete pa lamang ng umaga. He had this unruly curly hair. Matangkad ito at payat. He looked to be around seventeen. And very, very filthy.*

*“Obvious ba? Sino ba ang naglagay niyan sa pintuan?” asik ni Gwin.*

*Napakamot ito sa ulo, napangiting nahihiya. “Pasensya ka na, nakaupo kasi ako riyan kanina. Baka natumba pagkatayo ako.”*

*“Only stupid people put stuff on doors so people could trip on them,” aniya at iniwan na ito.*

*“Sorry, Señorita! Di ko talaga sinasadya. Di na mauulit,” pahabol nito. Hindi niya ito pinansin. Tuloy-tuloy siya sa kotse na maghahatid sa kanya sa kapitolyo.*

---

“Nagrereklamo ang mga suki ko, ang taray raw ng tindera natin,” ani Fredo isang gabi. Nasa hapag ito at ang tanging kasalo ay si Gwin, na walang ganang pinaiikut-ikot ang pagkain sa kanyang plato.

“Ano pa ang gusto n’yong gawin ko? Tumatao na ako sa tindahan tulad ng iniutos n’yo,” aniya.

“Natatakot ang mga mamimili dahil hindi ka raw ngumingiti. Ni hindi mo sinasagot ang mga tanong nila.” Despite his fifty-five years, bata pa ring tingnan ang kanyang ama. Malago pa rin ang buhok nito bagaman nahahaluan na ng ilang puting hibla. Pero trim pa rin ang figure, parang militar imbis na negosyante dahil sa posture. Guwapo ang kanyang daddy.

"Paano, ang mga tanong nila, bakit ako nandito? Nagbabakasyon ba ako? Tapos na ba ako sa school, ilang taon na ako, nasaan si Mommy? Ni hindi ko sila kilala, bakit ko ikukuwento ang buhay ko sa kanila just because they buy stuff from your store?"

Isang buntong-hininga ang pinakawalan nito at tiningnan ang anak. "Hija, maliit na bayan ito. Iyan ang paraan nila para makipagkapwa-tao. Hindi ito gaya sa Maynila na walang pakialamanan ang mga tao. Iba ang customer service rito sa mga maliliit na bayan."

"It is not their business, and it's rude to ask questions like that. The next time some dude asks me if may boyfriend na ako, tatanungin ko siya kung bakit lima ang anak niya pero wala siyang maipakain. O kung kelan nila balak magbayad ng utang. Let's see how they like that!" nakasimangot na turan niya.

"Gwin, tumigil ka," mahinahon pero puno ng awtoridad na sita nito. Batid niyang dapat na siyang tumigil kapag ganoon na ang tono ng ama. "Hindi kita pinalaki ng ganyan. At ang mga taong ito, ako sila noong bata pa ako. Nanggaling ako riyan."

She rolled her eyes. "Oh, here we go again."

Nagpatuloy ito, “Kung walang nagbigay sa akin ng pagkakataon, kung walang nagtiwala sa akin at tinulungan ako, hindi ako naririto ngayon. Lumilingon lang ako sa pinanggalingan ko, Anak. Wala itong tinatamasa mong kaginhawahan ngayon kung hindi dahil sa mga maliliit na taong loyal sa tindahan natin.”

“Daddy, please. Mommy had money. Lolo gave you a leg up. At magaling ka sa negosyo. That’s why you’re where you are right now. Kung lahat sila’y nagsisikap, di ba dapat maginhawa ang mga buhay nila?”

Umiling-iling si Fredo. “Hindi mo alam ang sinasabi mo. Hindi ka nanggaling sa hirap. Lumaki ka na walang hinahanap at lahat ng kailangan mo’y nariyan na hindi mo pinaghihirapan. Hindi mo maiintindihan kung gaano kahirap maging mahirap, kung paanong ang dignidad at pride mo na lang ang meron ka. Don’t step on those already below you, Gwin.”

“I am not stepping on anyone, Daddy,” tanggi ng dalaga. “I’m just saying, kailangan nilang matuto kung ano ang puwedeng itanong at kung ano ang hindi.”

“Hindi nila alam ang mga etiquette ng sosyedad

na kinasanayan mo, pero wala silang masamang intensyon. Pagpasensyahan mo na lang sila. Pakitunguhan mo nang maayos. Iyon lang ang hinihingi ko sa 'yo."

Hindi na sumagot si Gwin. Hindi na niya mahintay ang makaalis sa kanilang lugar at bumalik sa bahay nila ng kanyang ina sa Manila. How she wished this summer would end!

# 2

Bitbit ang *iPad* at manicure set ay bumaba si Gwin ng hagdanan nang umagang iyon.

"Almusal, Gwin, Anak?" bati ng kasambahay nilang si Lydia. Tumanda na rin ito sa kanila.

"I don't eat breakfast," tugon niya rito at tumuloy na sa entryway na patungo sa kanilang tindahan.

Du-duty na naman siya roon. Hindi siya mapipilit ng daddy niya na gumising nang alas cuatro. Ipinauubaya niya kay Letty ang pagbubukas at bumababa na lang kapag nakaligo at nakabihis na siya. Which was usually around seven in the morning. Ayon sa kanyang ama, tanghali na iyon. Pero hindi niya iyon pinapansin.

Tinungo niya ang upuang pinalagyan niya ng cushions sa harap ng register. Nagpupunas ng mga surfaces si Leslie, samantalang kausap naman ni Letty ang isang distributor ng *Ajinomoto* products.

"Magandang umaga, Ate," bati ni Leslie.

"Hi," sagot niya. Tumango siya bilang bati kay Letty.

Itinaas niya ang mga paa sa bar stool na naroon sa tabi at binuksan ang manicure set. Bago iyon ay in-on niya ang *iPod* application sa *iPad*, kinabit ang aparato sa hamburger speakers at nagpatugtog ng musika. Saka pa lang niya napansin ang ama na may kausap sa kabila ng kalye, kung saan may karinderya na pinagtatambayan ng mga tricycle drivers at pahinante ng trucks.

Ugali ni Fredo ang mag-bike at ginagawa nito iyon tuwing umaga pagkabukas ng tindahan. Saka niya napansin ang kausap nitong lalaki na nakasakay rin sa bike. The baduy guy from yesterday! Nakadama siya ng iritasyon. Umagang-umaga, ito ang mabubungaran niya! Bakit ba ito kinakausap ng daddy niya?

*Ang aga pa, may tambay na,* disgusted na naisip niya.

Puting t-shirt na ginupitan ang manggas kaya kita ang namumukol nitong biceps, biking shorts na itim na hapit sa thighs at rubber shoes ang suot ni Migs. Ang daddy naman niya ay halos ganoon din. *They look like a couple of bums*, naisip ni Gwin. Nagulat siya mula sa pagmamasid sa mga ito nang tumaas ang isang kamay ni Migs sa direksyon niya. He was waving at her. Nakita rin siya ng kanyang ama

na may sinabi sa kausap. Ilang sandali pa ay sabay ang mga itong tumawid ng kalsada at ipinarada ang mga bisikleta sa harap ng *Tri-Star Trading*.

"O, buti naman at gising ka na," bati ng kanyang daddy. Hinalikan niya ito sa pisngi.

Nalukot ang ilong niya. Amoy-araw at pawis na ito.

"Kumain ka na ba?" Hindi nito pinansin ang kaartehan niya.

"Hindi ako kumakain ng breakfast," sagot niya, ignoring the other man who came into the store. Nangingintab din ito sa pawis.

"Kaya pala ang payatot, Chief," sabat nito.

She frowned at his impudence.

"Hija, importante ang almusal. Halika, saluhan mo kami nitong si Migs. Natatandaan mo pa ba siya?"

*Why is everyone asking me about this guy?* Nagkibit-balikat lang siya. "Ayoko hong kumain."

"Gwin, Anak, masama ang pinaghihintay ang bisita. Halika na."

"Bisita? You mean him?" Tumawa siya nang

nakakaloko. "At sino'ng magbabantay rito?"

"Bahala na muna si Ate Letty riyan, puwede namang mamaya ka na mag-manicure," sabat ni Migs.

Natawa pa ang kanyang ama at si Letty na animo sobrang kuwela ang lalaki. Namumuro na ito sa kanya. Padabog siyang tumayo at sumunod sa matanda.

Naghahanda ng dalawang setting si Lydia sa kanilang kitchen table nang pumasok silang tatlo. Nang makita siya nito ay kaagad itong kumuha ng isa pang pinggan at placemat.

"'Morning, Ate Lydia," bati ni Migs dito. Mukhang hindi iyon ang unang pagkakataon na sumalo sa almusal ang lalaki sa kanilang hapag.

Ngumiti ang kawaksi at ipinaghila ng upuan ang kanyang daddy. Ang binata naman ay humila ng upuan para sa kanya. Hindi niya ito pinansin at pumuwesto siya sa upuang malayo sa mga ito.

Nagdasal si Fredo at habang nakatungo sa plato ay naramdaman niyang may nakatingin sa kanya, kaya tumingala siya. And she met Migs' eyes over the fruit tray. Nakatitig ito sa kanya at kahit nahuli na niya ay hindi man lang ito kinakitaan ng hiya.

Tinaasan niya ito ng kilay.

“Amen,” anang daddy niya. “O, kain na.”

Saka pa lang siya bumawi ng tingin at tiningnan ang mga pagkain sa hapag. May pandesal, quesong puti, omelet na napakaraming sibuyas at kamatis, sinangag, pritong daing, suka. May isang plato rin ng sliced papaya.

“Manang, wala po ba tayong non-fat cream cheese?” tanong niya sa katulong.

“Ay, Hija, hindi ko alam kung ano iyon,” nahihiyang tugon ni Lydia.

*God!* “Sige, okay lang ho.”

“Bakit ka ba nagda-diet? Buto’t balat ka na,” puna ni Migs. Kumukuha ito ng sinangag mula sa bandehado.

“It’s none of your business,” aniya rito. Kumuha siya ng pandesal at humiwa ng queeso.

“Tama si Migs, Hija. Hindi mo kailangang mag-diet. Hindi tabain ang lahi natin,” anang daddy niya.

“Tingnan n’yo nga ang siko, Chief. Kapag nabunggo ako riyan, parang matutusok ako,” patuloy ng hinayupak. Nakangiwi pa ito. Narinig

niyang natatawa si Lydia sa likuran niya.

"Matagal ko nang sinesermunan iyang anak ko tungkol sa tamang pagkain. Alam mo naman ang mga kabataan ngayon, parang krimen ang kaunting bilbil."

"Daddy, I do not have bilbil!" namumulang angil ni Gwin sa ama. Pag-usapan ba ang katawan niya sa harap ng almusal!

"Hindi ko sinasabing meron," pang-aalo nito habang pumipiraso sa daing. "Ang sinasabi ko lang, maganda ang may laman ka. Ano ba kasi'ng pinapakain ng mommy mo sa 'yo at hindi ka naman ganyan kapayat dati? Parang galing kang Ethiopia."

"You make me sound like I'm emaciated; I am just slim. And Mom feeds me fine. Hindi rin niya ako pinagtitinda, gaya n'yo," pasaring niya. Dedma naman si Fredo.

"Mas maganda sa babae ang may kurba at hindi kuwatro-kantos," ani Migs habang ngumunguya.

"What are you saying? Na wala akong kurba?" baling niya rito.

Lumunok muna ito bago siya marahang pinasadahan ng tingin. Nakakaloko ang paraan nito

ng pagtitig. Pagkatapos ay napailing. “Ikaw ang may sabi niyan,” anito at nagpatuloy na sa pagkain.

Napanganga ulit siya. A lot of her male friends in Manila told her she was sexy, stunning even. Pagkatapos itong probinsyanong ito na ni hindi nagsi-shower mula sa pag-e-exercise, animo dismayadung-dismayado sa pigura niya!

“Daddy, why is this man in our house?” tanong niya sa ama, pikon na.

“Gwin, tama na,” sagot ng matanda. Na tila ba siya ang may kasalanan! Namumula man ay pinigilan niya ang urge na mag-walk out. This is her house. At hindi siya nito mapapaalis.

“Hayaan n’yo, Chief, isang buwan lang ng hanging probinsya, siguradong magkakalaman din si Gwin. Padadalhan ko ho ng sariwang gatas mula sa mga alaga ko, at mga kakanin na gawa ni Nanay. Bago matapos ang summer, malusog na uli ang prinsesa n’yo,” pahayag ni Migs sa kanyang ama. Na para bang wala siya sa silid, at isa lang siyang patabaing baboy na pinag-uusapan ng mga ito.

“Mabuti pa nga, Migs,” sang-ayon ni Fredo sa nakababatang lalaki.

“Hindi ako umiinom ng gatas ng kalabaw. Malay

ko ba kung anong bacteria ang nariyan, dahil hindi mo alam ang matinong pasteurization process?"

"Tingnan mo itong daddy mo. Sampung taon na siyang umiinom ng gatas mula sa mga alaga ko. Kita mo naman, mas malakas pa sa kalabaw!"

Nagtawanan pa ang mga lalaki. Hindi niya lubos-maisip kung paano naging vibes na vibes ang dalawa. Ang layo ng agwat ng edad ng mga ito.

---

Hindi niya alam kung bakit napilit siya nina Letty at Leslie na sumama sa pamimitas umano ng mga prutas. Linggo ng hapon at karaniwang sarado ang kanilang tindahan pagkapananghalian.

Kinumpiska ng kanyang ama ang cellphones niya. Gwin was totally incommunicado. Ano na kaya ang iniisip ng mga kaibigan niya sa Maynila? But they would've called her house first. Siguro ay nakapagbigay na ng sapat na alibi ang kanyang ina.

"Malayo pa ba?" naiinip na tanong niya sa mga kasama. Nakasakay sila sa *Nissan Frontier* na minamaneho ng isa sa mga bodega boys. Di-umano ay mamimitas sila ng buko sa duluhan. Wherever that was.

“Malapit na, Ate,” ani Leslie. Ito ang may dala ng mga utensils nila. Makalipas nga ang ilang sandali ay huminto ang pick-up at bumaba silang tatlo mula roon.

“Huwag kang lalayo, Lito, ha. Bumalik ka rito kaagad,” bilin ni Letty sa boy matapos nitong iparada ang sasakyan sa gilid.

“Opo,” ayon ng lalaki at tumakbo na palayo. May mga kaibigan itong naghihintay sa di-kalayuan. Gwin looked around. They were standing on a clearing off the side of the national highway. Lumampas na sila ng poblacion limits. Sa di-kalayuan ay ang expanse ng niyugan. Elevated ang lugar kaya tanaw niya ang belfry ng town church mula sa kinatatayuan.

Farther on ay nakatayo ang isang semi-bungalow na mukhang bagong tayo at bagong pintura. Nagkalat ang iba’t ibang bulaklak sa bakuran at sa bakod. May tindahan din sa harap.

“Kina Migs ito,” ani Letty nang magsimula na silang maglakad palapit sa naturang bahay.

Napahinto siya. “What?”

“Oo, bakit?”

“Wala na bang ibang puwedeng pagkunan ng

buko? Bakit dito pa?”

“Siya lang naman ang magbibigay sa atin, eh, saka ang nanay niya mismo ang nag-alok. Mabait ’yun,” Letty assured her.

Duda pa rin si Gwin. “Babalik na ako. Tawagin mo na si Lito.”

“Gwin, ano ka ba? Nandito na tayo. Hindi tayo magtatagal. At may poker si Migs tuwing Linggo.”

“Basta! Ayoko dito. You should’ve told me na magpupunta tayo sa bahay ng mayabang na iyon!” Iritado na talaga siya. May narinig siyang tunog ng makina, pero hindi niya iyon binigyang-pansin.

Napabuntong-hininga si Letty. Nakapasok na si Leslie sa tarangkahan ng bahay at may sumalubong ditong teenager na babae rin.

“Bakit ka ba imbyerna roon sa tao? Alaskador lang siya pero mabait,” pangungumbinsi pa ni Letty.

“I don’t care. Mayabang siya at walang modo. Akala mo kung sinong guwapo. For his information, mukha siyang bold star na baduy!”

Huli na nang marinig niya ang mga yabag sa likuran niya. Kasunod niyon ay ang mapang-uyam na boses. “Alam mo, naisip ko rin iyan dati. Alam ko,

malaki ang kita riyan."

Gwin whirled around to face the most irritating man on the planet. Nakatukod ang siko nito sa handlebar ng motorsiklo, another arm around his helmet. Maong na kupas, pale blue collared shirt at rubber shoes na itim ang suot nito. May shades ito na akmang huhubarin pa lang.

Bumaling siya kay Letty, pulang-pula ang kanyang mukha. "Akala ko ba wala siya dito?" aniya sa pagitan ng mga ngipin. Nagkibit-balikat lang ito.

"Natapos nang maaga ang poker namin. Magpapakain pa kasi ako ng mga baboy kaya maaga akong umuwi," paliwanag ng lalaki. He walked toward her, still holding his helmet.

"I wasn't asking," walang tonong tugon niya. She avoided looking at him. She caught a whiff of beer and cigarette smoke all on top of the fading smell of what was probably aftershave. Strangely enough, the smell appealed to her.

"Buti na lang pala at umuwi ako nang maaga. Matutulungan ko kayong manguha ng buko."

"Paalis na kami," aniya sa lalaki. Sinenyasan niya sa pamamagitan ng tingin si Letty.

“Nandito na pala kayo, pasok muna kayo, Letty!” anang isang tinig bago pa nakasagot ang huli. Nakatayo sa tabi ng tarangkahan ang isang ginang na nasa mid to late fifties. Despite her apparent age, mababakas pa rin ang lumipas nitong ganda. Nakasuot ito ng simpleng blusang puti at paldang maong na lampas-tuhod. Nakangiti ito sa kanilang lahat, pero nahinto ito nang mapatingin kay Gwin.

“Aba, ire na ba ang bunso ni Manong Fredo?”

“Siya na nga, Manang Talia,” sang-ayon ni Letty. “Isinama ko na at wala namang magawa sa bahay.”

Tumango ito. “Aba’y di mabuti. Halina muna kayo at nang makapagmerienda. Ineng, pagpasensyahan mo na ang bahay namin. Maying, ilabas mo na ang pagkain. Maaga ka yata?” Ang huli nitong tinuran ay para kay Migs na humakbang palapit dito at nagmano. “Kaawaan ka.”

“Dumating ang misis ni Kokoy,” paliwanag nito at magkaakbay na pumasok ang mga ito sa loob ng bahay.

“Naku! Eh, kung ako si Susan, paaalisin ko rin kayo. Linggo na nga lang sila puwedeng magsama-sama na mag-anak, dinadayo n’yo pa para magsugal!” sermon ng ina nito.

"Halika na." Hinila ni Letty ang braso ni Gwin. Wala siyang nagawa kundi sumunod.

Tumuloy sila sa modest home. Mukhang bago pa ang lahat ng kasangkapan doon. Tipikal na probinsya ang ayos ng bahay. Sa gilid ng komedor ay may double doors patungo sa side porch kung saan may wicker na duyan at wooden set ng mga upuan. Sa gitna ay may mesa na nalalatagan ng merienda—buko pandan at iced tea.

"Manang Talia, kaya nga kami dumayo para manguha ng buko. Nag-abala ka pa," ani Letty.

Si Leslie ay prente nang nakaupo roon kasama ang isa pang dalagita na tantiya ni Gwin ay labing-anim na taong gulang lang.

"'Sus! Minsan lang kayong dumalaw rine, eh, hayaan mo na. At nagpapasikat kasi itong si Maying. Natutunan raw niya sa eskuwela. Tikman n'yo. Ineng, ano na nga ang pangalan mo?" Tumingin sa kanya ang ginang.

"Gwin po," sagot niya rito.

"Kamusta ka, Gwin? Kamusta ang mommy mo?"

"Mabuti ho, thank you," tipid niyang sagot. On her left, she saw Migs approaching, in the act of

putting on a white t-shirt as he walked down the stairs. She got a glimpse of his naked abs before the t-shirt covered his body. Nakasuot na ito ng itim na jogging pants.

"Kukuha na ba tayo ng buko?" Huminto ito sa tabi niya. Pasimple siyang lumayo rito. Ang amoy alak at sigarilyo ay nahaluan na ng amoy-toothpaste. It was so weird that she always noticed his smell.

"Pakainin muna natin ang mga bisita, Migs," anang ina nito. "Ang ganda-ganda naman pala ng anak ni Manong Fredo. Di nakakapagtakang itago sa Maynila," dagdag nito.

"Pasaway ho kasi ito kaya ngayon pinatapon rito," ani Migs na nilampasan siya at dumampot ng isang platito. "Ito na ba ang ipinagmamalaki ni Chef Maying?"

"Masarap, Kuya Migs," sang-ayon ni Leslie, naka-thumbs up.

"Sipsip," sabi ni Maying pero nakangiti ito. Matangkad ito at kagaya ni Migs ay morena.

"Siyanga pala, Gwin, mga kapatid ito ni Migs. Hindi mo na yata sila naabutan kasi mga bata pa sila noong umalis ka. Ayan si Maying, kumukuha ng HRM sa kapitolyo. 'Etong si Mindy naman, kakatapos

lang ng Education," ani Letty.

Tipikal sa middle-income families in the province, source of pride ang educational attainment ng mga anak. Katunayan din niyon ang mga framed diplomas at graduation portraits na nakasabit sa dingding ng sala na nadaanan nila kanina.

"Hi." Nginitian ni Gwin ang dalawang babae. Both girls were very pretty in an earthy, Filipina way.

"Kumain po kayo," ani Maying. Nilagyan nito ng buko pandan ang isang platito.

"Oh no, I don't... I really don't eat that, sorry," sawata niya rito.

Natigil sa ere ang sandok na hawak nito. "Di ba mamimitas kayo ng buko ngayon?"

"I mean, kumakain ako ng buko," paliwanag niya. "Pero ayoko lang talaga kapag may gatas. I know it's weird. S-sumasama kasi ang tiyan ko sa ganyan."

Tumangu-tango ito, halatang di kumbinsido. Naupo muli ito.

"Hayaan mo na. Maselan talaga ang tiyan ng mga rich," ani Migs. "Mamahaling pagkain lang ang kayang tanggapin ng sikmura ni  Señorita Gwin."

"It's not that." Tiningnan niya nang masama ang lalaki. "Iced tea na lang ho." Kagyat siyang dumampot ng isang baso. For some reason, ayaw niyang isipin ng pamilya nito na maarte siya.

"Allergic nga ang panunaw ni Gwin sa buko na may gatas. Hindi rin siya kumakain ng buko salad, kaya hindi kami gumagawa n'un kapag piyesta o Pasko." Thankfully, Letty came to her aid.

"Siyempre naman, huwag kang maniwala rito kay Migs, Hija. Ano ba ang gusto mong meryendahin? Magpapatakbo ako sa tindahan," alok ng ina nito.

"Oh no, please don't. This is fine, thank you." Itinuro niya ang hawak na baso ng iced tea.

Gayunpaman, bakas pa rin sa mga mukha ng mga ito na di mapakali. Dismayado ang mga ito na hindi siya kumain.

*What am I supposed to do? Make myself sick just to please them?* Pinanindigan niya ang iced tea at hindi na muling sumulyap isa man sa mga ito.